
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 11: Paglalarawan sa Elemento ng Kuwento




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 11: Paglalarawan sa Elemento ng Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jessa Mae R. Pendon, Raquel A. Tangga-an

**Editor:** Cristy S.Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Iris Kristine A. Mejos, Christopher U. Gonzales

**Tagaguhit:** Oscar L. Edig

**Tagalapat:** Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 11: Paglalarawan sa Elemento ng Kuwento

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa **Nailalarawan ang mga Elemento ng Kuwento!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Nailalarawan ang mga Elemento ng Kuwento!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawain para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Magandang araw sa iyo!

Sa modyul na ito, matututuhan mong ilarawan ang mga elemento ng kuwento gaya ng tauhan, tagpuan at banghay ng kuwento.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nailalarawan ang mga mga elemento ng kuwento gaya ng tauhan, tagpuan at banghay ng kuwento **(F3PBH-Ie-4, F3PB-IIb-e-4)**.

# Subukin

Pagtugmain ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| _________1. tauhan<br><br>_________2. tagpuan<br><br>_________3. pamagat<br><br>_________4. banghay | a. ang pagkasunod-sunod ng kuwento<br><br>b. ang gumanap sa kuwento<br><br>c. ang paksa ng kuwento<br><br>d. ang lugar na pinangyarihan sa kuwento |

| Aralin 1 | Paglalarawan sa Tauhan, Tagpuan at Banghay ng Kuwento |
|---|---|

## Balikan

Lagyan ng bituin ang mga pangungusap na may panggalang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

____________1. “Paalam na po, Nanay, aalis na po ako.”

____________2. “Ano ang sinasabi mo, Ana?”

____________3. “Mano po, Inay at Itay.”

____________4. “Umalis ka sa dinadaanan ko!”

____________5. “Ipagpaumanhin niyo po, hindi ko po sinasadya.”

## Tuklasin

Basahin at unawain ang kuwento.

Ang Panyo ni Lota
ni: Jessa Mae R. Pendon



Isasama si Lota ng kaniyang tiya Linda sa Davao para sa isang bakasyon. Tuwang-tuwa siya nang malaman niya na pumayag ang kaniyang Nanay Nora.

Pagpasok sa kaniyang kuwarto, agad na kinuha ni Lota ang kaniyang pulang maleta upang maghanda. Para walang makalimutan, gumawa siya ng listahan ng mga importanteng gamit na kaniyang dadalhin sa bakasyon.

Habang naghahanda ng mga gamit, napansin ni Lota na nawawala ang kaniyang paboritong panyo.

Pumasok ang kaniyang Nanay Nora sa kuwarto dala-dala ang bagong labang panyo. Napalundag sa tuwa si Lota na ipinagtaka ng kaniyang Nanay.

Pagkatapos basahin ang kuwento, tukuyin ang elemento ng kuwento gamit ang **graphic organizer**. Kumuha ng sagot sa naka-kahon na **story strips**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| sa kuwarto |

| |
|---|
| Ang Panyo ni Lota |

| |
|---|
| Lota, Nanay Nora at Tiya Linda |


Mga Pangyayari:

| |
|---|
| Habang naghahanda ng mga gamit, napansin ni Lota na nawawala ang kaniyang paboritong panyo. |

| |
|---|
| Napalundag sa tuwa si Lota nang makita na dala ng kaniyang Nanay ang bagong labang panyo. |


| |
|---|
| Isasama si Lota ng kaniyang tiya Linda sa isang bakasyon. |

## Graphic Organizer




## Suriin


Sa pagsagot sa kuwentong binasa, dapat tandaan ang mga elemento ng kuwento. Ito ay ang pamagat, tauhan, tagpuan at banghay ng kuwento.




Pamagat- nakasaad dito ang paksa o pag-uusapan sa kuwento.




Tauhan- ito ay ang gumanap sa kuwento.



Tagpuan- ang panahon o lugar kung saan nangyari ang kuwento.

Unang Pangyayari



Pangalawang Pangyayari



Pangatlong Pangyayari



Banghay- tawag sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari.



## Pagyamanin

I. Tukuyin ang mga elemento ng kuwento batay sa nakasaad sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ito ang nagsasaad ng lugar na pinangyarihan sa kuwento.
   a. pamagat  b. tauhan  c. tagpuan

2. Elemento ng kuwento na nagsasaad ng pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.
   a. banghay  b. pamagat  c. tauhan


3. Ito ay bahagi ng kuwento na nagsasaad ng mga taong gumaganap nito.
   a. pamagat  b. tauhan  c. banghay

4. Ito ang tema ng kuwento.
   a. pamagat  b. banghay  c. tagpuan

5. Sa isang maganda at malawak na hardin
   Ito ay halimbawa ng ____________.
   a. tauhan  b. pamagat  c. tagpuan

II. Basahin at unawain ang kuwento.

Ang Batang Matapat
ni: Jessa Mae R. Pendon



Si Noli ay isang batang nag-aaral sa Mababang Paaralan ng Sta. Cruz. Isa siyang mabait at tapat na bata.

Isang araw, nakakita si Noli ng isang pitaka na may lamang pera. Napaisip siya kung sino ang may-ari nito. Mabuti na lamang at may larawan na kalakip ang pitaka. Kaya hinanap niya ang may-ari nito.

Naglibot si Noli sa kanilang paaralan at hindi naman siya nabigo dahil nahanap niya ang may-ari ng pitaka.

Batay sa binasang kuwento, pagtugmain ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | A | B |
|---|---|---|
| | Pamagat | Si Noli |
| 1. | Tauhan | Paaralan |
| 2. | Tagpuan | Ang Batang Matapat |
| 3. | Unang Pangyayari | Hinanap niya ang may-ari ng pitaka. |
| 4. | Pangalawang Pangyayari | Naibalik niya ang pitaka sa may-ari. |
| 5. | Pangatlong Pangyayari | Nakakita si Noli ng isang pitaka. |

III. Basahin mo ang kuwento. Sagutin ang tanong sa ibaba.

Mangarap Tayo
ni: Jessa Mae R. Pendon




Nasa bahay sina Anton at Mimi. Nakahanda na sila sa pagdalo sa pagtatapos ni Kiko. Ngayong araw kasi ang pagtatapos ni Kiko ng kaniyang pag-aaral sa elementarya.

Pagdating nila sa paaralan, narinig nila na nagsasalita sa entablado ang panauhing pandangal.

"Ang pagtatapos sa elementarya ay umpisa sa pag-abot ng inyong mga pangarap sa buhay," ang sabi nito.

Doon, napagtanto nila na dapat pala talagang mangarap na makapagtapos ng pag-aaral.

Batay sa kuwentong binasa, salungguhitan mo ang pamagat ng kuwento, ikahon ang tauhan, at bilugan ang tagpuan ng kuwento.

IV. Batay sa kuwentong binasa mo, tukuyin ang elemento ng kuwento sa pamamagitan ng pagkompleto sa graphic organizer. Pumili ng sagot sa kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| sa paaralan |

| |
|---|
| sa bahay |

| |
|---|
| Anton, Mimi at Kiko |

| |
|---|
| Mangarap Tayo |

| |
|---|
| Narinig nila na may nagsasalita sa entablado. Nagsasabi na ang pagtatapos ay umpisa palang ng pag-abot sa pangrap. |

| |
|---|
| Nakahanda na sina Anton at Mimi para sa pagtatapos ni Kiko. |

| |
|---|
| Napagtanto nila na dapat palang mangarap na makapagtapos ng pag-aaral. |

Elemento ng Kuwento

| |
|---|
| Pamagat:<br>1. |
| Tauhan:<br>2. |
| Tagpuan:<br>3.<br>4. |
| 5. Banghay |
| Unang Pangyayari: |
| Pangalawang Pangyayari: |
| Pangatlong Pangyayari: |

V. Basahin ang kuwento at sagutan ang sumusunod na tanong. Pumili ng sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.

Sina Pepa at Pina
ni: Jessa Mae R. Pendon

Nasa kalsada ang batang si Pepa. Naghihintay siya ng sasakyan nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Pinasilong ni Pina si Pepa sa kaniyang payong. Nagpasalamat si Pepa kay Pina dahil sa kagandahang loob na ipinakita nito sa kanya.

- Kalsada
- Nagpasalamat si Pina dahil pinasilong siya ni Pepa sa kaniyang payong.
- Naghihintay si Pepa sa kalsada nang biglang umulan. Pinasilong ni Pina si Pepa sa kaniyang payong habang umuulan. Nagpasalamat si Pepa kay Pina.
- Pepa at Pina

1. Ano ang pamagat ng kuwentong binasa mo?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Saan ang tagpuan ng kuwento?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Bakit nagpasalamat si Pepa kay Pina?

5. Ano ang banghay ng kuwento?

## Isaisip

Dapat tandaan na ang isang kuwento ay binubuo ng mga elemento.

Ating balikan ang "Ang Panyo ni Lota" sa pahina 2 at tukuyin ang mga elemento ng kuwento na ginamit sa seleksyon/ teksto.

(1) Pamagat- Ang pamagat ay paksa ng kuwento at makikita ito sa itaas na bahagi.

Halimbawa: Ang Panyo ni Lota

(2) Tauhan- Ang tauhan ay tumutukoy sa tao o karakter na gumaganap sa kuwento.

Halimbawa: Lota, Nanay Nora, Tiya Linda

(3) Tagpuan- Ang tagpuan ay tumutukoy sa lugar o panahon na naganap ang kuwento.
Halimbawa: sa kuwarto

Iba pang halimbawa ng tagpuan:
Lugar: parke, ospital, Tagum City, simbahan at Mall
Panahon: maulan na hapon at makulimlim na umaga

(4) Banghay - Ang banghay ay tumutukoy sa dapat pagkakasunod-sunod ng mga mahahalagang pangyayari.

Halimbawa:


| | |
|---|---|
| Unang Pangyayari | Isasama si Lota ng kaniyang tiya Linda sa isang bakasyon. |
| Pangalawang Pangyayari | Habang naghahanda ng mga gamit, napansin ni Lota na nawawala ang kaniyang paboritong panyo. |
| Pangatlong Pangyayari | Napalundag sa tuwa si Lota ng makita na dala nang kaniyang Nanay ang bagong labang panyo. |

# Isagawa

Basahin at unawain ang kuwento. Kompletuhin ang graphic organizer.

Bagong Kaibigan

ni: Jessa Mae R. Pendon



Pasukan na naman. Abala na ang lahat sa Mababang Paaralan ng Pagsabangan. Ang mga mag-aaral ay masaya dahil makikita na naman nila ang kanilang mga kaklase at kaibigan.


Napapaiyak na si Marta sa kaba. Magsisimula na kasi ang klase ngunit hindi pa niya nahahanap ang kaniyang silid-aralan.

Ilang saglit lang may lumapit na sa kaniya na batang babae at nagpakilala bilang si Rita. Natuwa si Marta. Sa wakas may bago na siyang kaibigan.

Batay sa binasang kuwento, ilarawan ang bahagi ng kuwento sa pamamagitan ng pagkompleto sa hinihingi ng graphic organizer. Pumili ng sagot sa ibaba at isulat ito sa sagutang papel.

- Paaralan
- Marta at Rita
- Bagong Kaibigan
- Pasukan na naman, natutuwa ang lahat. Maliban sa batang si Marta.
- May isang batang lumapit sa kanya at nagpakilala bilang si Rita.
- Napaiyak si Marta sa kaba dahil, hindi niya makita ang kaniyang silid-aralan.

Graphic Organizer



## Tayahin

Basahin ang kuwento at ilarawan ang elemento ng kuwento sa pamamagitan ng pagkompleto sa hinihingi ng graphic organizer. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Magkaibigan
ni: Raquel A. Tangga-an

Nagpunta ang magkaibigang Lara at Fara sa parke malapit sa kanilang bahay. Nagandahan sila sa mga bulaklak na nasa paligid. Nais sana nilang pumitas pero may nakasulat na "Bawal Pumitas ng Bulaklak". Kaya umuwi na lang sina Lara at Fara sa kani-kanilang tahanan at ibinalita sa kanilang mga nanay ang magandang bulaklak na kanilang nakita.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

2-3. Ano ang banghay ng kuwento?

4. Sino- sino ang tauhan sa kuwento?


5. Saan ang tagpuan ng kuwento?

# Karagdagang Gawain

Uriin ang mga salita kung ito ba ay para sa tauhan, tagpuan, banghay, at pamagat ng kuwento. Kopyahin ang Elemento ng Kuwento tsart sa sagutang papel at dito isulat ang iyong sagot.

| |
|---|
| Sa maganda at malaking bahay. |
| Maglinis Tayo |
| Nanay, Tatay at Lita |
| Naisipan ng pamilyang Cruz na maglinis ng kanilang malaking bahay. Masayang nagwawalis si Nanay at nagpupunas ng mga dumi sa kanilang mga gamit sina Tatay at Lita. |

Elemento ng Kuwento



# Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin IV

1. Sina Pepa at Pina
2. Pepa at Pina
3. kalsada
4. Nagpasalamat si Pina dahil pinasilong siya ni Pepa sa kaniyang payong.
5. Naghihintay si Pepa sa kalsada nang biglang umulan. Pinasilong ni Pina si Pepa sa kaniyang payong habang umuulan. Nagpasalamat si Pepa kay Pina.

Isagawa

1. Bagong Kaibigan

2-3. Marta at Rita

4. Paaralan
5.

| |
|---|
| Pasukan na naman, natutuwa ang lahat. Maliban sa batang si Marta. |
| Napaiyak si Marta sa kaba dahil, hindi niya makita ang kaniyang silid-aralan. |
| May isang batang lumapit sa kanya at nagpakilala bilang si Rita. |

Tayahin

1. Pamagat- Ang Magkaibigan

2-3. Banghay-
Ang magkaibigan na pumunta sa parke na naggagandahan sa mga bulaklak na nandoon. Pero piniling huwag pumitas ng bulaklak dahil itoy ipnagbabawal.

4. Tauhan- Lara at Fara
5. Tagpuan- sa parke

Karagdagang Gawain

1. Maglinis Tayo
2. Nanay, Tatay at Lita
3. Sa malaking bahay.

4.-5. Naisipan ng pamilyang Cruz na maglinis ng kanilang malaking bahay. Masayang nagwawalis si nanay at nagpupunas ng mga dumi sa kanilang mga gamit sina tatay at Lita.

Tuklasin

1. Ang Panyo ni Lota
2-3. Lota, Nanay Nora at Tiya Linda
4. sa kuwarto
5. Unang Pangyayari:
   Isasama si Lota ng kaniyang tiya Linda sa isang bakasyon.
   Pangalawang Pangyayari:
   Habang naghahanda ng mga gamit, napansin ni Lota na nawawala ang kaniyang paboritong panyo.
   Pangatlong Pangyayari:
   Napalundag sa tuwa si Lota nang makita na dala ng kaniyang Nanay ang bagong labang panyo.

Suriin

pamagat tauhan, tagpuan,
banghay ng pangyayari

Pagyamanin

I.
1. C.
2. A.
3. B.
4. A.
5. C.

Pagyamanin

II.
1. Si Noli
2. Paaralan
3. Nakakita si Noli ng isang pitaka.
4. Hinanap niya ang may-ari ng pitaka.
5. Naibalik niya ang pitaka sa may-ari.

III.

<u>Mangarap Tayo</u>

Nasa bahay sina Anton at Mimi. Nakahanda na sila sa pagdalo sa pagtatapos ni Kiko. Ngayong araw kasi ang pagtatapos ni Kiko ng kaniyang pag-aaral sa elementarya.

Pagdating nila sa paaralan, narinig nila na nagsasalita sa entablado ang panauhing pandangal.

"Ang pagtatapos sa elementarya ay umpisa sa pag-abot ng inyong mga pangarap sa buhay," ang sabi nito.

Doon, napagtanto nila na dapat pala talagang mangarap na makapagtapos ng pag-aaral.

IV
1. Mangarap Tayo
2. Anton, Mimi at Kiko
3. sa bahay
4. paaralan
5. Banghay ng kuwento o Pangyayari
   Unang Pangyayari: Nakahanda na sina Anton at Mimi para sa pagtatapos ni Kiko.
   Pangalawang Pangyayari: Pagdating sa paaralan narinig nila na may nagsasalita sa entablado. Sinabi nito na ang pagtatapos ay umpisa palang ng pag-abot sa pangrap.
   Pangatlong Pangyayari: Napagtanto nila na dapat palang mangarap na makapagtapos ng pag-aaral.

Subukin

1. B.
2. D.
3. C.
4. A.

Balikan

1. ☆
2.
3. ☆
4.
5. ☆

# *Sanggunian*

Amaflor, Alde, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Cardinoza, Florenda, Dolorosa Castro, Modesta Jaurigue, Louiegrace Magallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Roller, Jeny-Lyn Trapane at Mercelita Salazar. *Batang Pinoy Ako Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino 3.* Pasig: Lexicon Press, Inc. 2014, 18-19.

Cardinoza, Florenda, Jenny-Lyn Trapane, Amaflor Alde, Agnes G. Rolle, Josenette Brana, Ronald Ramilo, Louiegrace Margallo, Mercelita Salazar, Aireen Ambat, Lea Agustin, Natasha Rae Natividad, Cynthia Reyroso, Dolorosa Castro at Modesta Jaurigue, *Batang Pinoy Ako Patnubay ng Guro 3.* Pasig: REX Bookstore, 2015, 29.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph